Ayon kay Ibni Umar malugod si Allah sa kanilang dalawa-Na ang sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsabi:(Na ang isang alipin kapag pinayuan ng pinuno niya at pinagbuti ang pagsamba niya kay Allah ay mapapasa-kanya ang gantimpala nito na dalawang beses.)) Ayon kay Abe Musa Al-Ash-arie malugod si Allah sa kanya ay nagsabi,sinabi ng sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:((Ang alipin na pinagbubuti nito ang pagsamba kay Allah,at ginagampanan nito sa pinuno niya ang karapatan nito sa kanya at ang pagpapayo at ang pagkamasunurin,mapapasa kanya ang dalawang gantimpala.))

Ayon kay Ibni Umar malugod si Allah sa kanilang dalawa-Na ang sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsabi:(Na ang isang alipin kapag pinayuan ng pinuno niya at pinagbuti ang pagsamba niya kay Allah ay mapapasa-kanya ang gantimpala nito na dalawang beses.)) Ayon kay Abe Musa Al-Ash-arie malugod si Allah sa kanya ay nagsabi,sinabi ng sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:((Ang alipin na pinagbubuti nito ang pagsamba kay Allah,at ginagampanan nito sa pinuno niya ang karapatan nito sa kanya at ang pagpapayo at ang pagkamasunurin,ay mapapasa kanya ang dalawang gantimpala.))

[Tumpak] [napagkaisahan ang katumpakan sa dalawang salaysay niya]

Kapag ginampanan ng alipin ang kanyang tungkulin sa pinuno nito mula sa serbisyo at pagsunod nito sa mga kabutihan at pagbibigay ng payo sa kanya at ginampanan niya ang karapatan ni Allah pagkataas-taas niya-sa kanya,mula sa pagsasagawa ng mga ini obligado ni Allah sa kanya,at iniwasan niya ang mga bagay na ipinagbawal sa kanya,mapapasa-kanya ang dalawang beses na gantimpala sa Araw ng pagbangon;dahil siya ay ini obliga sa dalawang-bagay.Ang una:Karapatan ng kanyang pinuno:kapag ginampanan niya ang karapatan sa kanya ng pinuno niya,ay mapapasa-kanya ang gantimpala: At ang pangalawa:Gantimpala sa pagsunod sa panginoon niya: kapag sinunod ng alipin ang panginoon niya,ay mapapasa-kanya ang gantimpala.